# Magrarasion Ang RICOA Ng Bigas Sa Disiembre

Tinatapos na balangkasin ng Ricoa ang isang palatuntunang pangkalahatan sa pamamahagi ng bigas at mais sa Maynila at sa walong lalawigang saklaw ng Kautusan Blg. 44 ng Pangulong Jose P. Laurel, gayon din ang itatakdang bagong halagang opisial, ayon sa nabatid ng *Republic.*

Hindi pa inihahayag ang tiyak na araw ng pagrarasion ng Ricoa, nguni't nahiwatigang sinisikap na magawa ito sa mga unang linggo ng buwang papasok.

Sapul noong ika-18 ng Nobiembre na ilagda at magkabisa ang tinurang kautusan ay labag na sa sino mang samahan o taong partikular ang maglipat, mamahagi o magbili ng bigas, kaya inaasahan na magiging matulin ang pagkasugpo ng panghuhuthot.

Ang RICOA ay siya nang nagaangkin ngayon ng lubos at ganap na kapangyarihan at pagpapasiya sa bigas, mais at iba pang mga produktong galing dito, upang maisagawa ang mabisang pangangalap at pamamahagi.

**Halaga sa Black Market: Ang mga halaga sa pamilihangitim nang linggong nagdaan ay itong sumusunod: Bigas, ₱280 isang salop; mais, ₱200 isang salop; niyog, ₱12 ang isa; itlog, ₱15 ang isa; saging, ₱7 ang isa; kapeng luto, ₱18 ang isang pusuelo.**

Sa ilalim ng Kautusan Blg. 44, ang kapangyarihang taglay ng RICOA ay sumasaklaw sa pagkakaroon ng kontrol at pagsusuri sa pagtitipon at pamamahagi; pagtatakda ng halaga; pagtatakda ng bahagi ng magsasaka, maylupa, maykiskisan, at iba pang kahati; kapangyarihan sa mga kiskisan at at mga ariarian nito; kapangyarihang humalughog sa mga bigas at mais na itinago; at maging tanging samahan na makabibili, makapagluluwas, makapagbibili o makapaglilipat ng bigas at mais at ng kanilang mga produkto.

Bukod sa siudad ng Maynila, ang batas na ito ay umiiral sa Isabela, Kagayan, Nueva Biskaya, Pangasinan, Tarlak, Nueba Esiha, Kapampangan at Bulakan. (30)

## Kamay Na Bakal Sa Mga Manghuhuthot

Pinasigla ng mahalagang hatol ng Ktt. Hukuman na nagpasiyang mauusig ang lahat ng uri ng panghuhuthot at pagiimbak nang labis sa ilalim ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 157, ang Konstabularia Metropolitana ay gagamit ng kamay na bakal laban sa lahat ng nagpapayaman sa pangangalakal ng pagkain at iba pang kailangan sa buhay nang labag sa batas.

Hangga ngayon, ang nahaharap ng mga maykapangyarihan ay ang mga manghuhuthot lamang sa mga pangunang kailangan, nguni't pinagwawalangbahalaan ang mga manghuhuthot sa ibaibang paninda, gaya ng damit, sapatos, panggatong, gayon din ang mayari at nagpapalakad ng mga sasakyan.

Ang Ktt. Hukuman ay tumanggi sa kahilingan ni Jasu Bhopatrai, tagapangasiwa ng B. I. Sehwani and Co. sa Bakolod, Negros Oksidental, na walingsaysay ang hatol at parusang ipinataw ni Hukom Francisco Arellano ng hukuman ng mga tanging usaping kriminal. Si Bhopatrai ay nahatulang magmulta nang ₱50,000 at mabilanggo nang dalawang taon dahil sa pagtatago ng mga sapatos at pagbibili nito nang ₱600 isang pares, gayong pinamuhunanan lamang niya nang mula sa ₱4.90 hanggang ₱92 isang pares.

Sa paghahalughog ng Konstabularia sa tindahan ni Bhopatrai ay nasamsam ang 1,579 pares na sapatos.

Sa pagpapatibay ng Ktt. Hukuman sa hatol ng tanging hukuman ay niliwanag na alinsunod sa mga tadhana ng Batas Blg. 65 at ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 157 ay hindi natatakdaan sa mga pangunang kailangan (prime commodities) lamang ang kanilang saklaw kungdi sa lahat ng kailangan sa buhay sa panahong ito.

Napagalaman na ang kampanya ng Konstabularia sa Negros ay malamang tularan ng mga maykapangyarihan sa Maynila sa paguusig sa mga "profiteers" at "hoarders" na naglipana rito. Nagunita ng ilang pinuno ng Pulisia ang isa ring magsasapatos na noong bago sumiklab ang digma ay sinasabing nakabaon hanggang leeg sa utang, nguni't ngayon ay isang milyonariong namimili

(*Nasa pahina 3 ang karugtong*)

## Inuusig Ni Guinto Ang Huwad Na M. P.

**Upang masawata ang pangloloob ng mga kaaway ng batas na nagpapanggap na kinatawan ng Military Police, si Gobernador Militar Leon G. Guinto ay nakipagpanayam noong Biernes sa mga pinuno ng Military Police at humingi siya ng kaukulang tulong.**

**Isinumbong ni G. Guinto na malimit mangyari na ang ilang kataong di kilala ay sumasalakay sa mga tahanang tahimik sa mga alaganing oras ng gabi, pakikilalang M. P. na naghahanap ng gerilya o sandata, nguni't ang tunay na hangad ay upang mangloob.**

**Sumangayon ang Military Police na hindi sila gagawa ng "raid" na di may kasamang M. P. na nakauniporme, at sinabi kay Gobernador Guinto na mga M. P. hapones lamang ang may kapangyarihang humalughog o mangdakip.**

## Idinaraing Ang Gawi Ng Ilang Pulis

Di iilang konstable ang ginagamit ang kanilang katungkulan sa pagsasamantala, ayon sa matapang na paratang ng isang magiisda sa Malabon.

Tuwi siyang magluluwas ng kaunting isda upang ihabol sa mabuting halaga sa Maynila ay nawawala ang kanyang dapat tubuin sa mga "hinihingi" ng dalawa o tatlong konstable na pumipigil sa kanilang sasakyan, alinsunod sa magiisdang ito.

Ganyan din ang idinaraing laban sa mga sadyang taliba o kusang nagaabang lamang sa pagitan ng Maynila at ng mga bayang kalapit, pagka't sinasabing sa halip na makatulong sa mga naghahanapbuhay at nagdadala ng pagkain sa Maynila ay siya pang sumasakal at nagpapabigat.

Itinatanong ng mga di mamakailang napinsala sa pagsasamantala ng mga natuturang alagad ng batas kung hindi na masusugpo ang ganitong kagagawan.

## MANGHUHULA KABIKABILA

Hindi lahat ng bagay ay mahal sa mga araw na ito. Ang lalong mura at nagkakatusak ay ang mga propeta na nanghuhula nang *gratis et amore.*

## 72 Pang Mananagalog

Pitongpu't dalawang kawani ng pamahalaang nakatapos ng pagsasanay sa paghahanda ng mga padalahangsulat sa Wikang tagalog ang pinagkaloobon ng katibayan ng Patnugot ng Surian ng Wikang Pangbansa.

## "Genuwine"

KUNG TAGARAW, walang anoano ay binubulaga taye ng mataas na lagablab ng apoy sa parang. Akala natin ay isang malaking sunog. Nguni't sa ilang saglit, mapapawing kasingtulin din ng kanyang pagliliyab, at ni aso, ni uling, ay hindi makapaghiwatig ng kung saan ang "sunog" na yaon.

Ang ating nasaksihan ay ang sangkisap na pagliliyab at pagkatupok ng mga tuyong kugon.

Subali't iyan ay nakikita hindi lamang sa kaparangan at sa bukid. Ang totoo, ang kugon o ang pagliliyab ng kugon ay naging sagisag ng isa sa mga pangit na kasiraan nating mga pilipino.

* * *

Nagbubunsod tayo ng masiglang kilusan. At anong sigla ng simula. Banda ng musika. Mga palamuti at pailaw. Tribuna, parada at talumpatian. Handaan. Nguni't pagkaraan ng simula, paglipas ng unang bugso, ay karaniwang tapos na rin ang lahat. Ubos na ang salapi, pagod na ang mga pasimuno, dala na ang mga kasapi.

Nagdaan sa ating harapan ang mahabang pamahayag ng mga samahan, kapisanan at kilusangbayan. Labi ng Katipunan, Bagong Katipunan, Palihan, Legionarios, Voluntarios, etc., etc. At sa mga araw na ito ay nariyan din ang Danas, Kalibapi, labor batallion, Kapariz, MCCA, homeguard, at iba pa. Magagandang balak, matatayog na layunin, malalaking gawain.

Ganyan nang ganyan, nguni't nakalulungkot na pagkaraan ng unang silakbo at unang lagablab, ay kagyat na nanglalamig at tinatalikdan sa isa pang masamang kinamihasnan: ang ating *bahala na.* Iyan ang dahil kaya tayo na rin ang walang tiwala sa ating maaaring gawin, sapagka't lahat ng madulas na talumpati at makabilog-ulong pangako ay atin nang tinanggap at nilulong buo sa pagluluwal at pagbibinyag ng ibaibang nangabigong kilusan na ang mga kabiguan ay bunga ng halos iisang sanhi.

Waring nakakaligtaan ng mga dapat managot sa isang kilusan na iba ang *plano* kaysa bahay, iba ang simula kaysa kayarian.

* * *

Ngayo'y inihahandog sa atin ng pamahalaan ang RICOA, bagong samahan sa bigas at mais, na sumilang sa kinasawian ng kulangpalad na BIBA. Matipuno, mabulas at makisig na gaya ng kanyang amang-binyag. Makaligtas nawa ito sa sumpa ng ningaskugon.

## Ipinatutupad Ang Curfew, Blackout

Tinawagan ni Gobernador Militar Leon G. Guinto ang mga mamamayan sa Maynila sa mahigpit na pagsunod sa mga kautusan sa "curfew" at "blackout." Ipinagunita niyang ang bahagyang pagpapadilim (partial) ay nagsisimula sa ika-6 ng gabi hanggang sa ika-11, at sapul naman sa sandaling ito hanggang sa ika-5 ng umaga kinabukasan ay ganap nang pagpapadilim (total).

Gayon din, ang paglalakad sa daan ay hanggang sa ika-11 ng gabi lamang, at sino mang mapinsala o mapahamak paglampas ng oras na iyan ay sarili nang pananagutan ng may katawan.

Sa isang palibotsulat ng Gobernador Militar ay pinansin niya ang nakikitang paglabag sa mga tuntunin ng "curfew" at "blackout".

## Magagamit Nang Gratis Ang Lahat Ng Sasakyan Sa Sugatan Sa Airraid

**Lahat ng sasakyan, maliban sa pagaari ng Hukbongkatihan at Hukbongdagat ng Hapon, ay maaaring kunin at gamitin ng sapilitan sa paghahatid sa pagamutan ng mga napinsala at nasugatan sa pananalakay mula sa himpapawid, ayon sa isang utos ng Gobernador Militar ng Maynila.**

**Ang Pulisia at mga tanodnayon, gayon din ang mga pinuno ng mga samahang pangpook at pangkapitbahay ay makapipigil, makakukuha at makagagamit ng alin mang sasakyan nang walang bayad upang maghatid sa ospital ng nasugatan o mga nasugatan sa "air-raid." Sino mang may-aring tumanggi ay pananagutin ng paglabag sa batas militar, ayon sa utos ng Gobernador Militar.**

## *Ipinasiyang Sonahin Ang Maruruming Pook At Lansangan sa Siudad*

Ipaiilalim ng kuarentenas o "zona" ang lahat ng maruruming pook sa Maynila, alinsunod sa ipinasiya ng mga pinuno sa City Hall, sa pangangatawan sa kampanya ng kalinisan sa Maynila.

Bawa't pook na makuarentenas ay paliligiran ng mga bandilang dilaw at hindi pahihintulutan ng Pulisia na makalabas ang mga naninirahan doon hanggan sa ipahayag ng pinuno ng sanidad na malinis at ligtas ang pook na nabanggit.

Tumugon ang mga samahang pangkapitbahay sa Linnggo ng Pagliligpit ng Basura na itinakda ni Gobernador Militar Leon G. Guinto, nguni't nakitang isang bahagi lamang ng Siudad ang nalinis at namalagi ring marumi ang maraming hayag na lansangan at liwasan.

Nabatid sa Malakanyang na sinusubaybayan ng Pangulong Laurel ang kampanya ng kalinisan sa Maynila, at sa isang sulat kay Alkalde Guinto ay iminungkahi niyang pasinayaan na rin sa kilusang ito ang sapilitang pagpapapagawa. Ang mga obrerong ginamit ng Siudad, sa pamamagitan ng mga tanggapan ng mga district chief, ay pinasahod nang tig-200 gramong bigas at tatlong niyog.

Iniutos ni Alkalde Guinto sa mga pulis at tanodnayon na ang sino mang mahuling magtapon ng basura o dumi sa hayag na pook o sa tapat ng kanyang bahay ay dakpin at usigin sa ilalim ng mga tadhana ng Ley Marcial. (30)

## Sa Ilog Ang Tapon Ng Mga Basura Sa Bagumbuhay

"Sundan mo ang ilog at hindi ka maliligaw."

Nakinig si District Chief Bartolome Gatmaitan sa talino ng ganyang kasabihan sa kampanya sa paglilinis sa purok ng Bagumbuhay, na isa sa pinakamataong bahagi ng Maynila.

Kinaroroonan ng mga balitang "slums" ng mga mahihirap sa Tundo at San Nikolas, sa pagpapalinis ni Gatmaitan ay itinagubilin niya ang pagsisiga o pagbabaon sa mga basura, nguni't kundi magagawa ito ay itapon sa pinakamalapit na ilog, sapa o baybaydagat.

Nakita ng Punong Pangpurok ng Bagumbuhay na ang mga nayon sa buong distritong nasasakupan niya, kungdi pinaglalagusan at dinaraanan ng isang ilog, sapa o estero, ay nakabaybay naman sa look, lawa at iba pang tubigan. Dahil diyan, sa pagsangguni niya sa pinuno ng kalinisan sa Bagumbuhay ay nakitang lalong magiging mabisa ang paglilinis kung ang mga basura ay ipatatangay sa agos ng mga ilog, sapa at dagatang ito hanggang sa kanilang labasan sa look ng Maynila.

Si District Chief Gatmaitan ay naglilibot arawaraw sa Bagumbuhay sapul nang ilagda ni Gobernador Militar Leon G. Guinto ang Linggo ng Pagliligpit ng Basura.

"Kapuripuri ang masiglang pagtugon ng mga mamamayan sa Bagumbuhay sa utos ng Gobernador Guinto," ang sabi niya, "nguni't hindi dapat matapos ang paglilinis sa isang linggo lamang. Ang kailangan ay ipagpatuloy ang paglilinis hanggang sa maugali ang bawa't maganak sa kalinisan."

Inatasan ni Gatmaitan ang mga pulis at tanodnayon sa kanyang purok upang manmanan at hulihin agad ang mga nagtatapon ng basura at dumi sa mga lansangan at labas ng bakuran. (30)

## 500 Homeguard Ang Nagsimula Ng Pagtatanod

Naragdagan ang lakas ng mga taliba ng katiwasayan at kaayusan sa Maynila nang sumumpa ang may 500 "homeguards" o tanodnayong sa isang palatuntunang idinaos sa City Hall noong Huebes ng hapon.

Sa pagpapakilala ng kahalagahan ng bagong pangkat na itinatag, sinabi ni Gobernador Militar Leon G. Guinto na ang mga tanodnayon ay magtatanggol sa mga tahimik na mamamayan, mangangalaga sa kanilang mga tahanan, buhay at ariarian laban sa mga nagsisiyurak sa batas ng Republika. Kanyang nilinaw ang mga gawain at tungkulin ng "homeguard" ay gaya ng sa pulis at konstable, ang kaibhan nga lamang ay hindi lalabas ang tanodnayon sa lugal na saklaw ng kanyang samahang pangpook.

Ang mga tanodnayon ay ipinakilala ni Inspektor Heneral Manuel de la Fuente sa Gobernador Militar ng Maynila at sa seremonias ay kaharap ang maraming matataas na pinuno ng Siudad, mga puno ng Konstabularia Metropolitana at mga district chief.

Bawa't isa sa 177 baryo sa Siudad ay magkakaroon ng isang himpilan ng mga homeguards na karaniwan nang malalagay din sa tanggapan ng punongnayon. Makikilala sa banda sa kaliwang bi-

(*Nasa pahina 3 ang karugtong*)

## Kalibapi Ang Simuno Sa Araw Ng Mga Bayani

Ang pagdiriwang ng bansa sa darating na Araw ng mga Bayani sa ika-30 ng Nobiembre ay pangangasiwaan ng Kalibapi, alinsunod sa isang kautusang inilagda ng Pangulong Laurel. Ang Araw ng mga Bayani ay siya ring kaarawan ni Andres Bonifacio, supremo ng Katipunan.

## Hinggil Sa "Tayotayoismo"

Tinanggap ng *Republic* ang mga sumusunod na sulat buhat sa aming mga mangbabasa na naglalahad ng kanilang kurokuro hinggil sa lathalang "Tayotayoismo" sa tudling na "Genuwine" sa dahong tagalog. Si Ministro Pedro Sabido ng mga suliraning pangkabuhayan ay may paliwanag na mababasa sa pahina 3.

*Riverside, San Juan.*—Ang inyong "Tayotayoismo" sa ika-5 bilang ng *Republic* na pumupuna sa kanikanyang kabig sa rasion ng mga opisina ng gobierno at dumadaliri sa ilang samahang pangpamahalaan na ang nabibili't nakakalap na "prime commodities" ay "halos sapatsapat lamang na ipangrasion sa kanilang mga kawani at maliit na pulutong ng mga kaibigan", ay isang tunay na pukpok ng martilyo sa ulo ng pako.

Halimbawa po'y sa Nadisco. Ipinaghahambog ng isang kawani roong kakilala ko na ang kanilang lingguhang rasion ay nagkakahalaga sa black market nang mga ₱1,200. Kaya pala kung magsadya ka sa Nadisco ay hindi ka maasikaso ng mga empleado, sapagka't ang marami nito ay abala sa pagduduro ng kanikanilang sariling rasion sa "highest bidder."

(*Nasa pahina 3 ang karugtong*)